*Review of Women's Studies* 17 (1-2): 101-111

# TAGUÁN

**Will P. Ortiz**
University of the Philippines, Diliman

MABILIS AT MAGAAN ang kaniyang mga hakbang. May kailangan pa siya sa library. Napako ang kaniyang tingin sa makasasalubong. Guwapo. Ngumiti ito at tinanguan siya. Muntik-muntikang mapatid kahit patag ang dinaraanan. Naramdaman niyang tila yata may bato sa kaniyang sapatos. Binalak niya itong tanggalin pero nakita niya na maraming taong nagdaraan. Mamaya na. Bumalik ang isip niya sa kailangang saliksikin sa *archives*. Naroon ang mga inaamag na mga tesis at disertasyon, na ayon sa kaniyang di-malay, ay binabasa lamang ng mga taong pinag-iwanan na ng panahon at walang magawa sa buhay. Ngunit ayon sa kaniyang malay, mahalaga ang pananaliksik ukol sa mga karanasang marahas sa mga babae.

Ni hindi na niya napansin ang dalawang taong kaniyang nadaanan sa hagdanan ng *main library* na kanina pa nagbubulungan ukol sa kanya:

"Yon ba si Tina? Matalino kasi ayaw sa iyo! Hahaha!"

Hindi kumikibo ang kausap. Panay pa rin ang salita ng isa.

"Tanga mo kasi! Sabihin mo ba namang me *girlfriend* kang modelo sa unang *date* pa lang. Dapat pinatagal mo muna bago sabihin ang totoo. Kung ako sa 'yo, di ko 'yan pinakawalan, sayang. Ano nga ginawa niya?"

"Tinanong niya *sweetly*, ang pangalan ng gf ko. Tapos hiniram

©2010 UP Center for Women's Studies, University of the Philippines
ISSN 0117-9489

cellphone ko at tinawagan sa phone ang gf ko!"

Malayo nang pag-isipan pa ni Tina ang mga taong nagdaraan lang sa buhay niya. Walang lohikang pag-isipan ang walang kuwenta. Iniisip na niya habang nakatingin sa bukás na tesis kung saan siya pupunta pagkatapos. Kailangang dalawin sa ospital ang nanay ng kaibigang maysakit. Dadaanan daw ng kaopisina ang *manuscript* na kailangang *camera-ready* na bukas. Magkikita ba sila ni Marcus mamaya? Naputol ang kaniyang pag-iisip. Nangiti siya nang mapansin ang dalawang estudyanteng nasa kaniyang harapan. Walang nagaganap na pag-uusap. Tanging mga kamay nila ang magkalingkis, tanging wika ng pandama ang kanilang kailangan. Pumapasok ang liwanag mula sa bintana, nasinagan ang magkaniig na mga kamay. Naglalaro, naghahanap ng kung ano ang hintuturo ng babae sa palad ng lalaki, nagmamarka ang bawat madaanan nito. Naramdaman ni Tina na hindi siya dapat naroroon. Uminit maging ang mesang nasa kanilang harapan. Gumagapang ang kilabot sa braso ni Tina, naglalakbay tungo sa kaniyang balikat, leeg, pisngi, pumasok at nanuot sa kaniyang utak. Bigla ang pagkakatanggal ng kaniyang kamay sa mesa kasabay ng pagbabalik ng alaala nang una niyang makilala si Marcus.

Nasa kalagitnaan sila ng kaniyang mga kaibigan sa pagbaba ng bundok. Bahagi ito ng ritwal ng kanilang pagkakaibigan na kailangang akyatin ang lahat ng bundok, mataas man o mababa, masukal man o punô na ng bakas ng tao, mapag-anyaya man o nagsasara sa mga nais makaranas ng peligro. Kumapit ang putik sa mga *spike* ng kaniyang *mountain shoes*. Dumudulas ang kaniyang mga hakbang. Nasasabunutan niya ang mga dahon ng mga halaman upang hindi siya tuluyang bumagsaksa malagkit at mapulang lupa. Nahawakan niya ang katawan ng isang halamang saka lamang niya nakitang puno ng maliliit, matatalim na tinik, at nang maramdaman niya ang sakit, ni hindi siya nakaigik. Hindi halos makita ang sugat ng kaniyang palad subalit nararamdaman niya ang tibok ng hapdi. Minasdan niya ang kaniyang mga braso. Puno ng sugat mula sa mga kahoy at damong dinaanan. Hindi na niya halos maiangat ang kaniyang mga paa at tila isang toneladang pagod at pagal na nakasampay sa kaniyang balikat. Marumi't mahapdi na ang kaniyang mga kamay. Hindi na mahinahon ang pagkalam ng kaniyang sikmura. Kailangang makita niya ang malinis na bukal. Uhaw na siya, gutom, nanlilimahid, at pawisan. Unti-unti ang ginawa niyang pagbaba. Narating din niya ang bukal.

At doon niya unang nakita ang isang lalaking nagsasabon ng

kamay. Kay ganda at kay among mukha. Natulala siya. Nakita siya ng estranghero at nagtanong:

"Kailangan mo ng sabon? Naubos ko na yung naiwanang sabon dito e."

Hindi siya makasagot. Napako ang tingin niya sa kamay nitong may sabon.

"Akina kamay mo," sabi ng lalaki.

"Kamay ko?" nagtatakang sagot ni Tina.

Nakatitig siya sa mata ng kausap. Ilang saglit lang at tiningnan niya ang kamay ng kausap na nakalahad sa kaniya. Sensitibo at mahaba ang mga daliri. Sa pagitan ng mga puting bula ng sabon, nakikita niya ang ugat sa kamay nito at braso. Kamay at braso ito ng isang taong nagtatrabaho. Kamay at braso ng isang taong babád sa araw. Nananatili itong nakalahad kay Tina. Walang nagsasalita sa kanila. Lumalagaslas ang tubig na kristal, sa ilalim, kitang-kita ang iba't ibang kulay ng batong tila buhay na pumipintig. Nilapitan siya ng lalaki at nanlambot ang tuhod niya at muntik-muntikang masubsob sa kausap. Mabilis ang pagkilos ng mga kamay ni Marcus. Iyon ang pangalan ng lalaki na malalaman niya pagkaraan.

Hinawakan siya sa braso at ang isa'y sa beywang. Nakuha niya ang kanina pang inaapuhap na balanse. Ganoon lang at inabot ni Marcus ang kamay ni Kristina. Gumapang ang madulas na sabon sa kamay ni Kristina. Hinahagod ng daliri ni Marcus ang mga daliri niyang may bahid ng putik at dugong nagmula sa tinik. Tila binása ni Marcus ang guhit ng kaniyang palad ngunit nakita niyang bumaon ang mga kuko nito sa kaniyang palad. Tinanggal nito ang mga siit sa kaniyang palad na hindi niya natanggal. Nakaramdam siya ng kirot at ginhawa.

Hinigit siya ng kung anong puwersa upang tumabi sa lalaking noon lamang niya nakita. Magkadaiti ang kanilang mga braso at mga kamay habang nakaluhod sila sa bukal. Sumasanib ang kaniyang mga tuhod at paa sa lupa. Mabilis ang pintig ng kaniyang pulso. Mabilis ang pagpintig ng ugat sa kayumangging kamay ng estranghero. Nagsasanib ang madulas na sabon sa kanilang mga kamay. Tumatakas ang mga bula at nakikiisa sa hangin. Walang pagtutol sa panig ni Kristina. Ang bawat paghagod ng daliri ni Marcus sa kaniyang mga kamay ay nanunuot, nagtatanggal ng mga salita mula sa kaniyang utak, mula sa kaniyang dila,

hanggang sa kaniyang diwa. Sumasama ito sa tubig ng bukal. Nililinis ang bawat daanan. Ibinubukas ang palad, ibinubukas ang hindi maunawaan.

Tut tut. Tumaas ang kilay ng *librarian*. Wala na ang magkasuyong estudyante. Wala na ang init ng mesa. Mabilis siyang lumabas nang hindi pinapatay ang *cellphone* na nalimutan niyang i-*silent mode*. Hindi niya kilala ang nagpadala ng mensahe. Isang matipid na *hello* lamang at *smiling face*. Bumalik siya sa loob ng *archives*. Nakita niya ang mga lumang kabinet na puno ng mga libro. Tila walang gumagalaw sa mga aklat na ginawang taguan at kanlungan ang kabinet. Tila walang gumagalaw sa pagkakasalansan ng kanilang pagkakatulog. Walang nakakikita sa kalooblooban ng mga aklat. Malabo ang salamin ng kabinet. May agiw sa kanang itaas na bahagi. Binuksan niya ang pintuan ng kabinet. Gusto niyang makita ang mga aklat na nasa loob nito. Mga aklat na sa tingin niya'y hindi napagpapala ng mga kamay at matang maaaring bumasa nito. Ngunit bago niya nahawakan ang isang libro, tumunog ang *bell* ng *librarian*. Mag-aalas dose na. Apat na oras na pala siyang nagbabasa. Isinara niya ang pintuan ng kabinet. Nakita niya ang kaniyang repleksiyon sa salamin na tila balikong. Inisip niyang sa ibang araw na niya babalikan upang halughugin ang loob nito.

Lumabas na siya at bumaba na ng hagdan, napatingin sa salaming dingding at nakita niya si Mia sa unang palapag sa labas ng *library*. Napangiti siya. Si Mia. Kay among mukha. Mukhang nagpapatawa sa kaniya sa panahon na kailangang umiyak. Mukhang una niyang hahanapin sa isang silid na puno ng estranghero. Si Mia na **roommate** niya noon sa kolehiyo. Si Mia na iyakin, nilalanggam tulad ng pulot, alagaín, at hindi kayang mag-isa sa buhay. Tumatawa nang mahinhin si Mia, tinitingnan niya ito mula sa hagdan. Hinahaplos siya sa mukha ng isang lalaki. Si Mia? Nagulat siya ngunit nakangiti pa rin. Nakapagtatakang katanghaliang-tapat ngunit banayad ang sinag ng araw sa mukha ni Mia na lalong nagpatingkad ng kariktan nito. Parang si Marcus, masyadong marikit ang mukha. Lalo siyang napangiti.

Ngiting biglang naglaho ang ngiti nang makilala niya ang kamay na humahaplos sa maamong mukha ni Mia. May nagbuhos ng yelo sa buo niyang katawan at pagkatao. Kilalang-kilala niya ang kamay na iyon. Hindi siya makaalis sa kinatatayuan, minamasdan ang nagaganap na dula. Hinahalikan si Mia. Naglalakbay ang mga kamay ni Mia sa batok at likod ng lalaki. Gumuguhit ang kuko. Walang pagitan sa kanilang mga

katawan. Nagsasanib. Nagsasabubog ang kanilang imahen na ikinuwadro ng malaking salaming bintana. Binasag ng liwanag ang imaheng nabuo sa napakaraming piraso at nakita niya sina Mia at Marcus, na may balat ng tupa at matatalas na kuko ng ilahas na agila.

Humihimig ng *One Love* si Bob Marley mula sa kaniyang cellphone. Sinagot niya ito nang makalabas ng *library.*

"Hello?"

"Tina? Dino here. Hey, kape naman tayo. Tagal mong nagtago. Ilang buwan na ba tayong di nagkita? Di mo sinasagot mga text ko eh. You're just a few meters ahead of me, I can see you now."

Lumingon siya. Nakita niya si Dino, nakangiti. Hinawakan ang kamay niya. Napaso siya. Mabilis ang pagtanggal ng kamay.

"Wala na akong girlfriend. I'm just her friend now. "

"Dino…" mahina ang tinig ni Tina.

"Yes?" Nakangiti si Dino.

Sa sulok ng kaniyang mga mata, nakikita niya sa katanghaliang tapat, ang mga nagbabagang katawan na kundi man maging asin ay matutupok na, magiging abo at magiging alabok sa kalawakan.

Naumid siya. Tumakbo siyang palayo. Naiwang nakatanga si Dino. Naramdaman niyang muli ang mga bato sa kaniyang sapatos. Kumakagat sa kaniyang talampakan. Natalisod siya. At nang kaniyang lingunin ang dahilan ng pagkakatalisod, nakita niyang patuloy ang mainit na eksena sa gilid ng library. Hindi maalis ang tingin dito ni Tina. Kailangan niya ng ibayong lakas upang tanggalin ang napakong tingin. Diretso sa sakayan. Wala nang nilingon.

Sumakay siya ng jeep mula sa campus tungong Pantranco. Sumasakit ang paa niya. Pinara sila ng pulis sa Philcoa. Huminto ang sasakyan. Umarangkada ang sasakyan matapos ang ilang sandali. Nagmura ang tsuper. Bumaba siya ng Pantranco. Wala siyang makitang bagay na pamilyar dito. Sumakay siya papuntang Quiapo. Mabilis ang pagpapatakbo

ng drayber, lumulusot sa mga sasakyang mababagal, sumasagasa maging sa mga basang lugar at lubak ng daan. Nang huminto sa riles ng tren ang sasakyan, napansin niya sa labas ang lubak na puno ng tubig, mangitim-ngitim ngunit nakikita pa rin sa ilalim ang mga basurang plastik, mga matutulis na patpat ng banana que, at maiitim na bato.

Umarangkadang muli ang dyip at nagsalimbayan ang imahen ng mga tao sa loob ng sasakyan at ng mga gusaling nadaraanan. Nag-antanda ang babaeng puno ng pileges ang mukha na nasa harap niya at nang lumingon siya sa labas, nakita niyang nasa labas na sila ng Quiapo. Bumaba siya. Kakatwa para sa kaniya ang itsura ng simbahan. Wala na ang anyo nitong pinatatag ng panahon. Kinulapulan na ito ng bagong pinturang pastel na tumakip sa mahigit tatlong daang taong kasaysayan at tumibag sa mga batong pinatatag ng araw at ulan. Tinitigan niya ang mukha ng simbahan at tila nakita niya ang pininturahang hollow blocks na ni hindi man lamang inabot ng taon bago nabuo. Narinig niya ang sari-saring tunog ng lugar na makalat, puno ng mga taong dumadagsa at dumadaan.

Bumaba siya patungong underpass. Naramdaman niya ang init at tila kumakapit sa kaniya ang dumi at ingay ng paligid. Tila nasa loob siya ng kuwebang madilim at ikinalito niya ang iba't ibang hagdan may makikitang banayad na liwanag. Pinili niyang puntahan ang hagdang pinakamalapit at nang sumapit sa ibabaw, nakita at pinara niya ang isang dyip na patungong Cubao.

Sa Cubao, sa hindi niya malamang dahilan, nahigop siya sa gitna ng *intersection*, sa gitna ng di-mabilang na mga tao. Para siyang nasa MTV. Tinitingnan niya ang lahat ng mga mukhang nagdaraan. Kay tagal niya sa intersection. Sa napakaraming táong naroon, wala siya ni isa mang kakilala. Naglakad siyang muli. Naitulak, natapakan ang kaniyang paa, ngunit walang humingi ng paumanhin.

Pumara siya ng jeep patungong St. Luke's. Mag-aalas tres na ng hapon. Hindi siya nakararamdam ng gutom. Kailangan niyang daanan ang nanay ng kaniyang kaibigang si Jack. Naospital ang nanay nito dahil sa *breast cancer*. Hindi tiyak kung kaya pa ito ng *chemotherapy*. Hinanap niya ang kuwarto ng nanay ni Jack.

Biglaan ang pagkakatulak sa kaniya ng mga nars at doktor, mabilis

nilang binuksan ang kuwartong nasa kanan ni Tina. Nakita niyang may pasyenteng nakahiga at inooperahan ng mga doktor. Bukas ang dibdib nito. Puno ng dugo. Nakita niyang wala itong puso. Saglit lamang angpagbukas at pagsara ng pinto ngunit naramdaman niya ang pagtakas ng dugo sa kaniyang katawan. Hintakot siyang napaurong sa dingding ng pasilyo. Mabilis ang pagtakas.

Sa wakas ay nahanap rin niya ang kuwarto ng ina ng kaniyang kaibigang si Jack. Sobra na ang ihinulog ng katawan nito. Hindi makausap nang matino si Jack pero niyakap siya nito nang mahigpit nang makita siya. "Bakit an'tagal mong di nagpakita?" Gusto niyang sabihin na kahapon lamang siya huling dumalaw. Gusto niyang tanungin kung bakit di niya nakikita ang tatay ni Jack. Hindi siya kumibo. Tulog ang nanay ni Jack. Hindi umaalis ang tingin ni Jack sa ina. Yayat ang katawan ni Jack. Yayat ang katawan ng ina. Hindi niya natagalan ang tagpo. Nagpaalam siya.

Naisip niya, kaya kayang pasukin ang dibdib ng isang tao nang hindi nagpapaalam sa may-ari nito? May dadatnan kaya ang pumasok o baka nalusaw na ang puso sa loob nito dahil sa puwersadong pagbubukas ng dibdib?

Gabi na. Hindi niya alam kung paano siyang nakauwi. May nawawala ngunit hindi niya alam kung ano. Nakakikita siya ng imahen ng maaamong mukha at may mga mahikang kamay.

Tumakbo siya nang matulin patungong banyo. Hinubad ang damit at sapatos. Tiningnan niya ang kaniyang talampakan. Walang sugat. Binuksan ang shower at hinayaang maglakbay ang malamig na tubig sa kaniyang mukha, sa dibdib, sa pusod, sa pagitan ng mga hita, sa talampakan, at sa buo niyang pagkatao. Nakipagtagpo, sinuot, gumapang ang malamig na tubig sa lahat ng sulok ng kaniyang balat. Tila mga daliri ni Marcus na naglalaro, gumuguhit ng mumunting bilog sa kaniyang balat ang hintuturo nito. Dumulas ang may sabong mga kamay sa buo niyang katawan, mula talampakan hanggang sa hibla ng kaniyang mahabang buhok. Tinanggal ng mga daliri nito ang pagkakatirintas ng bawat hibla ng kaniyang buhok, humulagpos ang pulang tali, huminga. Inangkin ng mga labi ni Marcus ang kaniyang buhok, pilit na tinutuklas ang mga lihim nito. Inaakay siya ng kamay ni Marcus patungo sa mgamumunting ningas hanggang dinilaan ng apoy at pinag-alab ng mumunting liwanag ang

kaniyang katawan. Biglaan ang pagiging malamig na patalim ng kamay. Walang buhay. Itinatarak nito ang lamig sa mga lihim at kaloob-loobang bahagi ng kaniyang katawan na kailanman ay hindi kayang abutin o pasukin ninuman.

Ni hindi siya nakaramdam ng panginginig sa buwan ng Enero. Hindi niya alam kung ano ang kaniyang hinuhugasan. Hindi niya alam kung gaano katagal siyang nakatayo sa ilalim ng shower. Umalis siya sa banyo nang basang-basa, nag-iwan ng bakas ng tubig ang hugis ng kaniyang paa sa makintab na sahig.

Nadaanan niya ang salamin at nahintakutan siya sa nakita niyang repleksiyon, tinangka niyang takasan ang kaniyang anino. Nakita niya ang nag-aanyayang rabaw ng sahig. Nahiga siya. Idinaiti ang balat, natunaw ang sarili sa malamig na sahig. Ipinaghele siya ng takot at pangamba at tanging dilim ang pinipilit niyang dumamay sa kaniya. Pilit niyang niyayapos ang buong katawan. Yinayapos ang tumatakas nang anino.

Nananaginip siyang kinukumutan ng kaniyang kaluluwa ang nanlalamig na sarili. Dalawa ang kaniyang katauhan. Nahintakutan ang isa sa isa. Umaga na. Walang buháy na nilalang sa kaniyang bahay na bato. Tumayo na siya. Naligo siya. Kailangang harapin ang trabaho. Nagbihis. *Gusto kong matulog.* Kailangang harapin ang trabaho. *Gusto kong matulog.* Kailangang harapin ang trabaho. Kinuha ang gamit. *Gusto kong matulog.* Binuksan ang pinto. Humakbang papalabas. Pinasok ang buo niyang katawan ng init ng sinag ng araw. *Gusto kong matulog.* Sa hindi niya malamang dahilan, hindi kayang humakbang ng kaniyang mga paa tungo sa daan. May mga pinong bato sa kaniyang talampakan. *Gusto kong matulog.* Pakiramdam niya'y nahuhulog siya ngunit paanong mangyayari iyon kung patag ang kaniyang dinaraanan. Napaso siya ng nagbabagang daan.

Bumalik siya ng bahay, binuksan ang pinto ng kuwarto. Nakita niyang pinasok na rin ito ng araw, ng liwanag. Pakiramdam niya'y may nagpaparikit ng apoy at siya ang tinatangkang silaban.

Isa-isa niyang kinalas ang butones ng kaniyang puting blusa, hinubad ang bawat mahaplos ng naglalakbay na kamay, nalaglag at tila kusang humulagpos ang bawat suot niya sa kaniyang katawan. Mula sa alahas hanggang kaliit-liiting sinulid ng damit ay kailangang tanggalin.

Kataka-takang wala naman ni maliit na bato ang kaniyang sapatos. Sinalo ang lahat ng natanggal ng makintab na sahig. Hinaplos ng kaniyang mga daliri ang buong katawan pagkat naghahanap siya ng maaari pang kalasin, tanggalin, iwaksi, ngunit wala na. Mula sa bintana, gumapang ang sinag ng araw tungo sa kaniyang balat. Pinapaso siya. Yumuko siya, lumuhod, pilit niyayapos ang sarili upang di siya nito masinagan.

Bumalik siya ng kuwarto. Tinitigan ang kaniyang aparador. Tinungo niya ang aparador, naaalala niyang madalas siyang magtago rito noong bata pa siya kapag napagalitan o kapag naglalaro. Binuksan niya ang aparador, pumasok siya sa loob. Tinanggal niya ang lahat ng gamit sa aparador. Nakita niya ang kaloob-looban nitong matagal na niyang hindi nakita. Inaanyayahan siya ng loob nitong matulog. At saka lamang siya natulog, natulog siya sa loob ng tatlong araw sa loob ng aparador. Niyakap siya ng dilim, hinahaplos ng karimlan, nanuot sa kaliit-liitang himaymay ng kalamnan. Sa labas, lalong nagliwanag ang sinag ng araw na pilit sumusuot sa mga siwang ng aparador at tila nagpipilit tumagos sa isinasara niyang utak. Tatlong araw siyang ipinaghele ng dilim.

Sa ikatlong araw, bumangon siya, at pilit binubuksan ang tila ikinadenang pinto. Ubos-lakas niyang sinipa ang pinto nito. Bumukas ang nawasak na pinto ng aparador. Madaling-araw na. Nagsisigaw si Manang Lina na tagapaglinis ng kaniyang bahay. Nagtatakbo palabas. Itinapak niya ang mga paa sa sahig. Naglakad. May bakas ng dugo ang bawat matapakan niya. Hindi niya ito alintana. Tumawag siya sa telepono. Binuksan niya ang aparador at may lumabas na mga daga. Kailangan niya ng lason.

Tumunog ang doorbell, isang oras pagkaraan. Pinagbuksan niya ng pinto si Marcus at Mia. Hinalikan siya ni Marcus sa pisngi. Ganoon din si Mia. *Hindi kaya titilaok ang manok nang anim na beses?* Huling pagkakataon upang titigan niya si Mia. Maamong mukha. Mukhang nagpapatawa sa kaniya sa panahon na kailangang umiyak. Si Marcus. Mukhang una niyang hahanapin sa isang silid na puno ng estranghero sa isang malamig na mundo.

"Uy, san ka nagtago? Ba't di mo sinasagot phone mo? Teka. Ano makakain?"

"Si Mia." Sagot ni Tina nang walang kagatol-gatol.

"Ha?" kunot ang noo ni Marcus.

"Saan ka ba nagpunta? Worried na nga kami ni Marcus," sabat ni Mia.

*Kami*? Naisip ni Tina. Pumunta sila sa komedor. Nagtaka si Mia.

"Wow, ganda ng *table setting* pero bakit mansanas lang ang 'andito?"

Kinuha ni Marcus ang isang mansanas, mapula, makintab. Tinitigan ito at pinaikot sa kaniyang palad. Kinuha niya ang patalim sa mesa at itinarak sa mansanas. Hinati sa dalawa. Naglaro ang kaniyang hinlalaki sa mapulang balat, tinitigan niya si Kristina at si Mia, at saka kumagat. Naging balat ng ahas ang makinis na kamay ni Marcus. Ibinigay kay Kristina ang kalahati ngunit hindi nito tinanggap. Kinuha ito ni Mia. Kinagat.

"Bakit si Eba ang nasisisi sa Bibliya samantalang may isip rin naman si Adan?"

"Ha? Tina, you're really weird." Nakatawa si Mia.

"Marcus at Tina, Marcus at Mia. Parang magkatunog ang Marcus at Mia. Gaano katagal na kayong dalawa?"

Walang makaimik. Binuksan ni Tina ang kabinet. Kumuha ng lason sa daga. Itinabi sa mapupulang mansanas. Nakarinig sila ng igik ng daga. Namumutla si Mia. Hindi makatingin nang diretso si Marcus. Tumakbong palabas si Mia. Humihikbi at namumutla. Sumunod si Marcus, na nabilaukan at halos hindi makahinga.

Tiningnan lamang sila ni Tina. Nakaramdam siya ng kirot sa talampakan. Tumayo siya at ginamot ang sugat. Alas-tres na ng hapon. Matindi ang sikat ng araw. Wala nang mga anino. Nagbabaga ang aspalto sa harap ng kaniyang bahay. Binuksan niya ang gate. Tinitigan ang kalsada. Kilala niya ang daang lalakaran at pupuntahan. Naglakad siyang walang sapin sa paa. Hinahaplos siya ng init, sa mukha, sa dibdib, sa pusod, sa pagitan ng mga hita, sa talampakan, at sa buo niyang pagkatao. Hinamon niya ng titig ang Araw, at nakipagniig ang kaniyang utak, damdamin at katawan sa nagbabagang liwanag.

*Taguán English Synopsis*

Intelligent and adventurous Cristina, the main character of the story explores her sexuality when she meets Marcus for the first time, at a secluded place of a mountain where they trekked. The narrative focuses on the contact between Cristina's and Marcus' hands to symbolize the sex act: "Gumapang ang madulas na sabon sa kamay ni Kristina. Hinahagod ng daliri ni Marcus ang mga daliri niyang may bahid ng putik at dugong nagmula sa tinik." Marcus becomes her boyfriend and the center of her life. She then witnesses his infidelity with her bestfriend, Mia. She does not confront him. This is a recurring pattern in her life, it is the second time a man betrays her and she does nothing about it. She wanders in the city and gets lost, a recurring motif in women's fiction, to denote her inability to confront her problem. To further emphasize the violence of patriarchy in women's lives, she accidentally saw a patient's heart being taken from her open, bloody chest while visiting a mother of a friend in a hospital.

Taguán has two meanings, a literal, hide and seek game, a symbol of the main character's struggle, of her regressed state as an individual unable to face her lover's infidelity, a symbol of the systemic violence of patriarchy. But in the end, the character's exploration of her loob, her inner state, was seen when she goes inside her cabinet, naked, and sleeps inside this dark place. Her taguán or hiding place, a Jungian symbolism of the exploration of one's subconscious to reach selfhood, becomes her solace that strengthens her. At the third day, like Christ, she metaphorically rises from the dead. She confronts Marcus and Mia, while he was biting an apple which gets stuck in his throat. In the end, Cristina walked barefoot on the road, able to face and challenge the liwanag of the sun.